
5

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1: Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
**Kalihim**: Leonor Magtolis Briones
**Pangalawang Kalihim**: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Edmund I. Tupas

**Editor:** Edna C. Malasaga, Ronald Llaneta, Ramil P. Bingco, at Rosemarie M. Guino

**Tagasuri:** Engelyn P. Achacoso, Marisa G. Martillo, Arlene S. De Paz, at Rosemarie M. Guino

**Tagalapat:** Richie C. Blasabas

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Genis S. Murallos
Francis Angelo S. Gelera
Rosemary S. Achacoso
Mario R. Orais
Roel C. Tugas
Regel C. Mullet

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region VIII**
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan – **Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling_**Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan – **Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol **Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Isang maligayang pagtuntong sa Ikalimang Baitang!

Noong nasa Ika-apat na Baitang ka napag-aralan mo ang pagpapahalaga sa pambansang pagkakakilanlan at ang mga kontribusyon ng bawat rehiyon sa paghubog ng kulturang Pilipino at pambansang pag-unlad gamit ang mga kasanayan sa heograpiya, pag-unawa sa kultura at kabuhayan, pakikilahok sa pamamahala at pagpapahalaga sa mga mithiin ng bansang Pilipinas.

Sa modyul na ito ay mauunawaan mo ang kahalagahan ng pag-aaral ng heograpiya sa pag-aaral ng kasaysayan sapagkat may kinalaman ito sa paghubog ng kasaysayan at kabihasnan sa iba't ibang aspeto ng kultura, pamahalaan, relihiyon, sining, ekonomiya, at maging ang hinaharap ng mga tao at bansa sa daigdig.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang makapagpapaliwanag sa kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan.

## Subukin

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng sagot sa sagutang papel.

1. Anong rehiyon ng Asya kabilang ang bansang Pilipinas?
   A. Silangang Asya
   B. Hilagang Asya
   C. Kanlurang Asya
   D. Timog Silangang Asya

2. Alin sa mga sumusunod ang tiyak o **absolute** na lokasyon ng Pilipinas sa mapa?
   A. 4°23' at 21°25' hilagang latitud at 116°00 at 127°00 silangang longhitud
   B. 2°43' at 25°31' hilagang latitud at 161°00 at 172°12 silangang longhitud
   C. 1°32' at 15°21' hilagang latitud at 131°00 at 151°10 silangang longhitud
   D. 3°23' at 20°29' hilagang latitud at 121°14 at 148°25silangang longhitud

3. Bakit tinawag na arkipelago ang bansang Pilipinas?
   A. Ito ay nakaharap sa Karagatang Pasipiko.
   B. Ito ay binubuo ng tatlong malalaking pulo.
   C. Ito ay napapalibutan ng mga mayayamang bansa.
   D. Ito ay binubuo ng maliliit at malalaking kapuluan na napapalibutan ng tubig o dagat

4. Anong karagatan ang matatagpuan sa silangan ng Pilipinas?
   A. Karagatang Indian
   B. Karagatang Atlantiko
   C. Karagatang Pasipiko
   D. Karagatang Arktiko

5. Ang mga sumusunod ay mga bansang nakipagkalakalan sa bansa MALIBAN sa isa. Alin dito?
   A. India
   B. Indonesia
   C. Saudi Arabia
   D. Tsina

6. Anong islang hinahanap ng mga Europeo na naging daan para matuklasan ang Pilipinas?
   A. Kiribati
   B. Micronesia
   C. Moluccas
   D. Palau

7. Mga istrukturang itinayo ng mga Amerikano para gawing sanayan ng mga sundalo at imbakan o arsenal ng mga kagamitang pandigma nila.
   A. base militar
   B. opisina
   C. paaralan
   D. palaruan

8. Bilang isang bansang nasakop ng Espanya, ano ang naging pinakamalaking pamana ang kanilang iniwan sa Pilipinas?
   A. edukasyon
   B. ekonomiya
   C. relihiyon
   D. sandatahang lakas

9. Ang mga sumusunod ay ang tuwirang epekto ng lokasyon ng ating bansa sa paghubog ng kasaysayan MALIBAN sa isa. Ano ito?
   A. nagkaroon ng kalakalan sa mga karatig bansa
   B. napadali ang paglipat o migrasyon ng mga katutbo
   C. naging kalaban ng Pilipinas ang lahat na mga karatig bansa nito.
   D. nadiskubre ng mga mananakop ang estratehikong lugar ng Pilipinas

10. Bakit mahalagang pag-aralan ang heograpiya o lokasyon ng isang bansa?
   A. para maging sikat ang isang bansa
   B. para malaman kung iilan ang naninirahan sa bansa
   C. para makilala kung sino-sino ang mga kilalang tao sa bansa
   D. para maunawaan kung paano nahubog ang iba't ibang aspeto ng kultura, ekonomiya, pamahalaan at relihiyon ng isang bansa.

# Aralin 1 Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan

Napakahalagang malaman natin ang lokasyon ng isang bansa o lugar para maunawaan kung paano nahubog ang nakaraan o kasaysayan at mas lalo pa nating mapahalagahan ang kasalukuyan.

## *Balikan*

**Panuto:** Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama at **M** naman kung mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang Pilipinas ay isang bansa.
2. Hindi malaya ang Pilipinas kaya hindi ito isang bansa.
3. Ang Asya ang pinakamalaking kalupaan o lupalop sa buong daigdig.
4. Tao, teritoryo, at pamahalaan lamang ang kailangan para maging isang ganap na bansa.
5. Ang Pilipinas ay tinatawag na Perlas ng Silangan.

# *Tuklasin*

**Gawain A.**

**Panuto**: Gamit ang compass at mapa sa ibaba, hanapin at bilugan ang isla at mga dagat o karagatang matatagpuan sa iba't ibang direksyon ng Pilipinas. Isulat kung saang direksyon mula sa Pilipinas ito matatagpuan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.




**Legend:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **H- Hilaga** | **HS- Hilagang Silangan** | **S-Silangan** | **TS- Timog Silangan** |
| **T- Timog** | **TK- Timog Kanluran** | **K- Kanluran** | **HK- Hilagang Kanluran** |

| Isla/Dagat o Karagatan | Direksyon mula sa Pilipinas |
|---|---|
| Halimbawa: *Taiwan* | *Hilaga* |
| 1. Dagat Pilipinas o Philippine Sea | |
| 2. Kipot ng Luzon o Luzon Strait | |
| 3. Dagat Celebes o Celebes Sea | |
| 4. Dagat Timog Tsina o South China Sea | |
| 5. Moluccas | |

**Gawain B.**

**Panuto**: Isulat ang salitang **TAMA** kung ang bawat pahayag ay nagsasaad ng katotohanan at **MALI** naman kung hindi nagsasaad ng katotohanan.

________________ 1. Dahil sa estratehikong lokasyon ng Pilipinas, malaki ang naitulong nito sa paghubog ng kasaysayan ng Pilipinas maging ng buong mundo.

________________ 2. Naging madali ang migrasyon ng mga katutubo dahil malapit lang ang Pilipinas sa kalupaang Asya.

________________ 3. Dahil sa **Spice Island o Moluccas**, na hinahanap ng mga Europeo, natuklasan nila ang ating bansa.

________________ 4. Natuklasan ng mga Amerikano ang magandang lokasyon ng bansa kaya sinakop tayo at nagtayo ng mga base militar dito.

________________ 5. Ginamit ng Hapones ang magandang lugar ng Pilipinas para paghandaan ang kanilang pagtatayo ng imperyo sa Asya maging sa buong mundo.

## Suriin

Ang Pilipinas ay matatagpuan sa Timog-Silangang Asya. Ito ay nasa pagitan ng mga latitude 4°23’ at 21°25’ sa Hilaga at sa pagitan ng mga longhitud 116°00’ at 127°00’ sa Silangan. Tinatawag itong arkipelago dahil ito’y binubuo ng mga malalaki at maliliit na pulo at napapalibutan ng tubig o karagatan. Makikita sa silangang bahagi ang Philippine Sea at Karagatang Pasipiko, Dagat Celebes sa timog, Timog Dagat Tsina o tinatawag ding Kanlurang Dagat ng Pilipinas sa kanluran at ang Bashi Channel sa Kipot ng Luzon sa Hilaga. Tinatayang may mahigit sa 7,641 mga pulo ang Pilipinas at nahahati ito sa tatlong pangunahing mga pulo ng Luzon, Visayas at Mindanao.

Napakahalaga ang lokasyon ng Pilipinas bilang isang bansa. Ang estratehikong lokasyon nito ay may malaking kinalaman sa paghubog ng kasaysayan. Malapit ang Pilipinas sa kalupaang Asya kaya napadali ang migrasyon ng mga katutubong Negritos, Indones at Malay at iba pang pinaniniwalaang mga unang taong nanirahan sa bansa. Ang lokasyon ng Pilipinas ay naging bentahe sa mabilis na pag-unlad ng kalakalan sa mga kalapit-bansa nito gaya ng China, India, Japan, at Arabia. Ang Pilipinas ang naging sentro ng pamamahagi ng iba't ibang produkto mula sa Timog-Silangang Asya dahil daanan ito ng mga sasakyang pandagat buhat sa maraming panig ng mundo. Bunga nito, umunlad din ang ekonomiya ng bansa pati na rin ang kultura nito. Malapit ang Pilipinas sa islang tinatawag na **Spice Islands** o **Moluccas** na hinahanap ng mga Europeo para kumuha ng mga rekado o pampalasa, ito ay nagbigay-daan sa pagdating ng mga Espanyol sa bansa. Dahil dito, nagka interes ang mga Europeo lalo na ang Espanya sa pagsakop ng Pilipinas at nabago ang ating paniniwala mula sa pagiging pagano ay ipinakilala ang relihiyong Kristiyanismo partikular ang paniniwalang Katoliko.

Hindi lang Espanya ang nakinabang sa magandang lokasyon ng ating bansa. Maging ang bansang Amerika ay may malaki ring ambag sa paghubog ng ating kasaysayan dahil sa ating lokasyon sa mapa. Sinakop tayo ng mga Amerikano at nagtayo sila ng mga pangkaligtasang base militar laban sa pagsalakay ng mga bansa sa silangan. Ginamit ng mga Amerikano ang mga base militar bilang arsenal o imbakan ng mga kagamitang pandigma at dito rin ay nagsasanay sila. Ang Pilipinas ay naging taga tustos o ang suplayer ng mga hilaw na materyal ng bansang Amerika kapalit ang proteksyon o pagiging alyado natin sa kanila.

Naging malaki rin ang impluwensya ng lokasyon ng Pilipinas noong panahon ng mga Hapones. Dahil sa estratehikong lugar ng Pilipinas ay sinakop din nila tayo para mapadali ang kanilang pagtatag ng emperyo sa buong Asya o saan mang bahagi ng daigdig. Ang estratehikong lokasyon ng Pilipinas ay naging batayan para maging sentro ng komunikasyon at transportasyon at mga gawaing pangkabuhayan ang Pilipinas. May mga barko at eroplano ang tumitigil muna sa Pilipinas bago magpatuloy sa paglalakbay sa iba't ibang bansa sa Asya maging sa Australya.

Sa aspektong kultural ay sinasabing ang Pilipinas ay sentro ng pinaghalong kultura ng mga bansang kanluran at silangan. Nakasalamuha ng ating mga ninuno ang iba't ibang bansa sa Asya at ibang mga kontinente dala ang mayamang kaugalian, industriya, edukasyon at iba pa. Malaki ang papel na ginampanan ng lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng ating kasaysayan at ang patuloy na pag-usbong ng lahing Pilipino.

## Pagyamanin

**Panuto:** Maglaro ng *Loop a Word:* Bilugan sa loob ng kahon ang salitang tinutukoy sa bawat bilang. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong at isulat ang inyong sagot sa kuwaderno.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| W | E | R | T | Y | U | I | O | P | A | S |
| J | K | L | Q | W | S | E | R | T | Y | U |
| F | G | H | K | A | T | O | L | I | K | O |
| Z | X | C | V | B | R | N | M | A | S | D |
| R | W | E | R | T | A | Y | U | I | O | P |
| H | S | D | F | G | T | H | J | K | L | Q |
| A | R | K | I | P | E | L | A | G | O | Y |
| P | W | Q | O | J | H | D | M | E | R | R |
| O | D | E | P | K | I | F | E | R | S | Y |
| N | S | W | A | L | K | G | R | T | T | U |
| S | G | R | S | Z | O | H | I | Y | Y | I |
| F | T | T | D | X | N | J | K | R | U | O |
| G | Y | Y | F | C | M | K | A | A | I | U |
| H | U | U | G | V | Q | L | A | S | O | W |
| J | I | I | H | B | W | N | S | T | E | V |

1. Anyong lupa na binubuo ng mga malalaki at maliliit na pulo at napapalibutan ng tubig.

2. Ang islang hinahanap ng mga Europeo na naging daan sa pagkakatuklas sa ating bansa.

3. Tawag sa magandang lokasyon ng Pilipinas kaya naging tagpuan ito ng kulturang Kanluranin at Silangan.

4. Ang relihiyong pamana ng nga Espanyol sa paghubog ng ating kasaysayan.

5. Bansang nagtatag ng mga base militar sa Pilipinas

6. Anong bansa ang nagbalak magtayo ng imperyo sa Asya kaya sinakop nito ang Pilipinas?



## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ng salita ang bawat patlang para mabuo ang kaisipan ng araling ito. Piliin ang mga sagot sa loob ng kahon. Isulat sa iyong kuwaderno ang mga sagot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| kultural | estratehiko | kalakalan | imperyo |
| Hapon | base militar | Amerika | Kristiyanismo |
| Espanyol | Spice Island o Moluccas | | sentro |

Ang (1) ______________ lokasyon nito ay may malaking kinalaman sa paghubog ng kasaysayan. Malapit ang Pilipinas sa kalupaang Asya kaya napadali ang migrasyon ng mga katutubong Negritos, Indones at Malay at iba pang pinaniniwalaang mga unang taong nanirahan sa bansa. Madaling naitatag ang (2) _______________sa mga kalapit bansa tulad ng Tsina, Indian, Hapones, at Arabe. Malaki ang naging pakinabang sa pag-unlad ng ekonomiya at kultura ng mga Pilipino.

Naging (3) ______________ ito ng pamamahagi ng iba't ibang produkto mula sa Timog-Silangang Asya at ng mundo dahil daanan ang Pilipinas ng mga sasakyang pandagat ng iba't ibang bansa. Malapit ang Pilipinas islang tinatawag na (4) _________________ na hinahanap ng mga Europeo para kumuha ng mga rekado o pampalasa, ito ay nagbigay-daan sa pagdating

ng mga (5) ______________ sa bansa. Dahil dito, nagka interes ang mga Europeo lalo na ang Espanya sa pagsakop ng Pilipinas at nabago ang ating paniniwala mula sa pagiging pagano ay ipinakilala ang relihiyong (6) _____________ partikular ang paniniwalang Katoliko.

Hindi lang Espanya ang nakinabang sa magandang lokasyon ng ating bansa. Maging ang bansang Amerika ay may malaki ring ambag sa paghubog ng ating kasaysayan dahil sa ating lokasyon sa mapa. Sinakop tayo ng (7) ______________ at nagtayo sila ng mga pangkaligtasang base militar laban sa pagsalakay ng mga bansa sa silangan. Ginamit ng mga Amerikano ang mga (8) ______________ bilang arsenal o imbakan ng mga kagamitang pandigma at dito rin ay nagsasanay sila. Ang Pilipinas ay naging taga tustos o ang suplayer ng mga hilaw na materyal ng bansang Amerika kapalit ang proteksyon o pagiging alyado natin sa kanila.

Naging malaki rin ang impluwensya ng lokasyon ng Pilipinas noong panahon ng mga Hapones. Dahil sa estratehikong lugar ng Pilipinas ay sinakop din nila tayo para mapadali ang kanilang pagtatag ng (9)____________ sa buong Asya o saan mang parti ng lupalop sa daigdig. Ang estratehikong lokasyon ng Pilipinas ay naging batayan para maging sentro ng komunikasyon at transportasyon at mga gawaing pangkabuhayan ang Pilipinas. May mga barko at eroplano ang tumitigil muna sa Pilipinas bago magpatuloy sa paglalakbay sa iba't ibang bansa sa Asya maging sa Australya.

Sa aspektong (10) ______________ ay sinasabing ang Pilipinas ay sentro ng pinaghalong kultura ng mga bansang kanluran at silangan. Nakasalamuha ng ating mga ninuno ang iba't ibang bansa sa Asya at ibang mga kontinente dala ang mayamang kaugalian, industriya, edukasyon at iba pa. Malaki ang papel na ginampanan ng lokasyon ng Pilipinas

## *Isagawa*

**Panuto:** Isulat ang salitang **TAMA** kung ito'y nagpapaliwanag sa lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng kasayasayan at **MALI** kung hindi ito nagsasaad ng katotohanan. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Kabilang ang bansang Pilipinas sa rehiyon ng Silangang Asya.

2. Nasa 4°23' at 21°25' hilagang latitud at 116°00 at 127°00 silangang ang tiyak o **absolute** na lokasyon ng Pilipinas sa mapa.

3. Tinatawag na arkipelago ang Pilipinas dahil ito ay binubuo ng maliliit at malalaking kapuluan na napapalibutan ng kabundukan.

4. Maraming mga karatig bansa ang nakipagkalakalan sa Pilipinas noong unang panahon.

5. Ang islang **Spice Island o Moluccas** ang hinahanap ng mga Europeo na naging daan para matuklasan ang Pilipinas.

## *Tayahin*

**Gawain A.**

**Panuto**: *Sanhi at Bunga:* Pagparisin ang mga magkakaugnay na mga pahayag para maipaliwanag kung paanong ang lokasyon ng bansa ay may kinalaman sa paghubog ng ating kasaysayan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

| SANHI | BUNGA |
| --- | --- |
| 1. Estratehikong lokasyon ng Pilipinas | A. Naging malaya ang Pilipinas sa mga dayuhan |
| 2. Paghahanap ng isla ng Moluccas | B. Naging sentro at tagpuan ang Pilipinas ng kultura, ekonomiya at iba pa ng mga bansang Kanluranin |
| 3. Pananakop ng mga Espanyol | Napalitan ang paniniwalang pagano patungong Kristiyano o Katoliko |
| 4. Pananakop ng mga Amerikano | D. Nagtatag ng mga base militar at nagging suplayer ang Pilipinas ng mga hilaw na materyal |
| 5. Pananakop ng mga Hapones | E. Pinaghahandaan nila ang pagtatag ng imperyo sa Asya at sa buong mundo |
| | F. Nadiskubre ang Pilipinas ng mga Europeo |

**Gawain B.**

**Panuto:** Lagyan ng (✓) kung itoy nagpapaliwanag sa lokasyon ng Pilipinas at paghubog ng ating kasaysayan ang pahayag at (x) kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Nagtayo ng mga istrukturang base militar ang mga Amerikano para gawing sanayan ng mga sundalo at imbakan o arsenal ng mga kagamitang pandigma nila.

2. Ang edukasyon ang naging pinakamalaking pamana ng Espanya sa Pilipinas.

3. Bukod sa kultura, naging sentro din ang Pilipinas sa komunikasyon, transportasyon, at kalakalan sa Asya.

4. Naging kalaban ng Pilipinas ang lahat na mga karatig bansa nito dahil sa estratehikong lokasyon nito sa Asya.

5. Mahalagang pag-aralan ang heograpiya o lokasyon ng isang bansa para maunawaan kung paano nahubog ang iba't ibang aspeto ng kultura, ekonomiya, at pamahalaan.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sagutin ang tanong sa ibaba. Gawing gabay ang rubrik sa pagsagot para makakuha ng mataas na marka.

Paano nakatulong ang estratehikong lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng ating kasayasayan?

**Rubrik sa Pagsulat ng Talata**

| **Kraytirya** | **Napakahusay (4)** | **Mahusay (3)** | **Nalilinang (2)** | **Nagsisimula (1)** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kumpleto at komprehensibo ang nilalaman at wasto ang lahat ng impormasyon | Kumpleto ang nilalaman at wasto ang lahat ng impormasyon | May ilang kulang sa nilalaman at may ilang mali sa impormasyon | Maraming kulang at mali sa nilalaman at impormasyon |
| Presentasyon | Malikhaing nailahad ang nilalaman at maayos ang daloy | Maayos na nailahad at naunawaan ang nilalaman | Hindi gaanong maayos na nailahad ang impormasyon | Hindi maayos na nailahad at hindi naunawaan ang nilalaman |
| Organisasyon | Organisado at malinaw ang nilalaman ng ideya | Organisado at malinaw, ang nilalaman ng ideya | Organisado na ideya pero may bahaging di gaanong malinaw | Hindi organisado ang ideya at marami ang bahagi na hindi malinaw ang paglalahad |
| **Kabuuan** | | | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. D
2. A
3. D
4. C
5. B
6. C
7. A
8. C
9. C
10. A

**Balikan**

1. T
2. M
3. T
4. M
5. T

**Tuklasin**

**<u>A</u>**

1. Silangan
2. Hilaga
3. Timog
4. Kanluran
5. Timog

B

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**Pagyamanin**

Arkipelago

Moluccas

estratehiko

Amerika

Hapones

**Isaisip**

1. estratehiya
2. kalakalan
3. sentro
4. Moluccas
5. Espanyol
6. Kristiyano
7. Amerika
8. base militar
9. imperyo
10. kultural

**Isagawa**

1. Mali
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Tayahin**

**A**

1. B
2. F
3. C
4. D
5. E

**B**

1.
2. X

**Karagdagang Gawain**

Malaki ang naitulong ng estratehikong lokasyon ng ating bansa sa paghubog ng ating kasaysayan. Dahil sa lokasyon natin, naging madali ang paglipat ng mga sinaunang tao papuntang Pilipinas. Naging sentro ito ng kalakalan at negosyo na naging daan sa pagkakadiskubre ng mga Kanluranin sa atin. Sinakop tayo at malaki ang naging kontribusyon ng bawat mananakop ng bansa. Ang mga Espanyol ay ipinakilala ang paniniwalang Katoliko samantalang ang Amerika ay nagtayo ng mga base militar para sa kanilang paghahanda sa pananakop sa silangan. Ang mga Hapones ay nakaisip ding gamiting ang Pilipinas para sa kanilang paghahanda ng pagpapalawak ng imperyo sa Asya o ng daigdig.

# *Sanggunian*

Gabuat, M., A, Mercado M., and Jose M. *Araling Panlipunan 5.* Philippines: Vibal group Inc., 2016

Julian, A., Lontoc N. *Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino.* 927 Quezon Ave., Quezon City: Phoenix Publishing House, INC., 2017

Pinterest. 2020. Southeast Asia Map (With Images) | Asia Map. [online]. Available at: <https://www.pinterest.ph/pin/363665738645623362/> [Accessed 12 June 2020].

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph